

2020

ANNUAL REPORT



4th ANNUAL REPRESENTATIVE ASSEMBLY



Ang aking taos pusong pagbati sa buong kasapian ng K-Coop. Lubos po akong nagpapasalamat sa ating Panginoong Diyos dahil narito pa rin tayo, magkakasama at nanatili pa rin ang buhay at lakas na Kaniyang ipinahiram sa atin. Salamat Panginoon sa patnubay at gabay ninyo sa amin.

Muli na naman po nating idaraos ang Asembleya ng mga Kinatawan (Representative Assembly) ng ating Kooperatiba. Ang taunang R.A po natin ay inaabangan ng nakararami nating kasapi. Dito inuulat ang kalagayan o status ng ating kasapian, bagamat naging madugo at mabigat ang hamon ng taong 2020--sinubok tayo nito ng husto. Hindi naging madali sa atin yakapin ang kasalukuyan nating sitwasyon ngunit unti-unti nating natutunan ang mga kaparaanan kung paano natin ito sasabayan. Ang pandemya, at mga kalamidad na ating naranasan ay lubos na nakaapekto sa ating kasapian pati sa ekonomiya ng bansa. Marami sa ating mga miyembro ang bumagsak at nawalan ng pangkabuhayan, at hindi naging madali ang itaguyod at iahong muli ang ating mga hanapbuhay kaya naman ang ating mga namumuno at ang "Management Team " ay nagsumikap kung paano matutulungan ang ating mga miyembro hindi lang sa pinansyal kung 'di pati sa pagpapalakas ng kanilang kalooban upang hindi mawalan ng pag-asa sa buhay. Nagsagawa tayo ng mga assessment upang muli silang makabangon. Saludo ako sa mga empleyado na may pagtataya o nagsakripisyo para sa atin sa gitna ng pandemyang ito. Ngayon ang panahon na higit po namin kailangan ang inyong suporta, ang buong KSO, at mga miyembro upang mapagtagumpayan po natin ang bawat balakid at pagsubok na ating kinakaharap. Patuloy ang ating mga programa sa pagseserbisyo at tulong para sa ating kasapian. Ang pagkakaisa, pagtutulungan at pagmamahalan po natin ay susi ng ating tagumpay.

Nagbibigay-pugay din po ako sa dalawa nating kasamang lider na namayapa na, kay G. Garth Noel Tolentino at Atty. Joy Casis. Kayo po Sir ang nagsilbing inspirasyon sa amin, hindi po matatawaran ang panahon na ginugol ninyo sa kasapian, ang inyong paniniwala na sa pamamagitan ng Kooperatiba maraming buhay at pamumuhay ang magbabago. Asahan po ninyo na amin pong ipagpapatuloy ang mga magandang layunin at paniniwala, magsisilbing gabay po ito sa amin, at lagi po namin itong sasariwain.

Patuloy din natin gamitin ang M.A.R.C.E.L.O bilang gabay at pamantayan ng ating paglilingkod.

Mabuhay ang buong Kasapian ng Kooperatiba!!!


Martiniana G. Mancio
CHAIRMAN OF THE BOARD

TALAN NG NILALAMAN

Mensahe mula sa Chairman of the Board at General Manager.....	Pahina 2-3
Buod ng mga naaprubahang Board Resolutions para sa 2020.....	Pahina 4-5
K-Coop sa Panahon ng Pandemya.....	Pahina 6-13
Ulat ng Kasagana-ka Credit and Savings Cooperative (K-Coop).....	Pahina 14
Ulat ng Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI).....	Pahina 15
Ulat ng Kasagana-ka Mutual Benefit Association, Inc. (KMBA).....	Pahina 16
Audited Financial Statement.....	Pahina 17-23
Balik Tanaw 2020.....	Pahina 24

Ang taong 2020 ay nagdala ng maraming pagsubok at biyaya. Nakaranas ang bawa't isa sa atin ng samu't saring karanasan na bumatak sa ating sarili, pamilya at pamayanan. Naapektuhan ng pandemya ang ating mga hanapbuhay, pag-aaral ng mga anak at apo at nagbadya ng takot na minsang nagdudulot ng pagkaparalisado, alumpihit na pakiramdam at pagkalungkot.

Ganun din sa ating kooperatiba. Dalawa sa ating haligi, sina Atty. Joy Casis at Garth Noel Tolentino, ang pumanaw sanhi ng karamdaman. Si Atty. Joy ang ating Board Secretary na gumabay sa unang yugto ng ating kooperatiba. Si Noel naman ang simula't simula pa ang nagpakita ng pagtitiwala sa kapangyarihan at husay ng ating mga nanay-kasapi. Hindi matutumbasan ang binigay nilang tulong, talento at tiwala sa K-Coop.



Hindi tayo kumita sa taong 2020 subalit hindi ito dahilan para ipangamba natin. Nagamit lang natin ang bahagi ng kinita natin noong 2019. Hindi man kumita, ang kapalit nito ay ang malalim na pasasalamat ng mga empleyado na hindi sila pinabayaan ng K-Coop. May mga ginawang pagtitiwala din upang hindi lumaki pa ang lugi ng ating samahan.

Nagdala rin ng maraming biyaya ang taong ito dahil sa nagawa ng K-Coop na matulungan ang ating mga kasapi, mula sa pagbibigay moratorium sa bayaran, pag-aalok ng iba't ibang produkto upang mairaos ang pagkawala ng kapital at pati na ang pagbibigay serbisyo, sa tulong ng mga kapatid na institusyon, ang KMBA, KDCI at KEEPF. Dahil din sa mga pangyayari ng 2020 nagawa ng K-Coop na makipag-ugnayan sa iba't ibang LGUs, pribadong sektor at mga Civil Society Organizations. Nagkaroon tayo ng Project Karinderya, Iskaparate.com, Project Kariton at mga relief operations para sa mga nasalanta ng bagyo. Hindi lang sa mga kasapi tayo nakapagdulot ng ginhawa. Sa halos tatlong pamayanan may 5,800 pamilya na nakapalibot sa mga karinderya ng ating kasapi na nabigyan ng libreng pagkain sa loob ng 30 araw. Dahil sa mga proyekto natin nakilala ang K-Coop sa husay ng pagkilos, kasinupan sa datos at taos-pusong pagtulong.

Marami ring pag-aayos ang naganap sa loob ng K-Coop--nag-upgrade ng ating mga sistema, nag-electronic transfers/payments, nag-aayos ng mga proseso upang umangkop sa bagong reyalidad o new normal. Dito rin natin nakita ang pagtataya at malasakit ng ating mga kasapi at mga empleyado, isang biyaya na hindi matutumbasan ng maski anong halaga. Hirap man, ang ating mga kasapi at mga kawani ay nagpakita kung gaano nila kamahal ang K-Coop.

Sa taong 2021 lalo pa nating iwawagayway ang bandila ng K-Coop sa tema ng ALALAY, ALIW at ANGAT. Tuloy ang iba't ibang anyo ng pag-ALALAY at pagtulong sa ating mga kasapi. Gagawin natin ito ng may ALIW o ligaya, patunay ng pag-asa at pagmamahal sa gitna ng mga pagsubok. At maniwala tayo na magbubunga ito ng pag-ANGAT, isang uri ng pag-unlad na nagmumula sa tapang, tiyaga at tulongan.

Mabuhay ang K-Coop! Mabuhay ang kooperatibismo!
Mabuhay ang mga taong nagpapatunay nito!


Maria Anna de-Rosas Ignacio
K-COOP GENERAL MANAGER

- 2020-72** Approval of the Plans for 2020
- 2020-73** Approval of the Projections for 2020
- 2020-74** Confirmation of Promotions
- 2020-75** Approval of the Succession Planning Process
- 2020-76** Approving the submission of member's data to Credit Information System through MIDAS
- 2020-77** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with AUB Baliuag
- 2020-78** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with AUB Pulilan
- 2020-79** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with AUB Guiguinto
- 2020-80** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with RCBC Binangonan
- 2020-81** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with PNB Savings Bank Dasmariñas
- 2020-82** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with PNB Savings Bank Silang Cavite
- 2020-83** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with AUB Batasan
- 2020-84** Authorizing the opening of the Cooperative's account with with Chinabank Tandang Sora-CANCELLED
- 2020-85** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with AUB Zabarte
- 2020-86** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with AUB Lagro
- 2020-87** Closing of UCPB San Mateo Savings account
- 2020-88** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with AUB Sapang Palay
- 2020-89** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with BPI Norzagaray
- 2020-90** Approval of the Performance Incentive for Managers and Support staff for the period July-December and the distribution to all employees of the remaining allocated amount for performance incentive
- 2020-91** Recommending to the Representative Assembly the distribution of the Patronage Refund and Interest on Share Capital for the year 2019
- 2020-92** Recommending to the Representative Assembly the Call for Payment of Unpaid Subscription and additional share capital
- 2020-93** Recommending to the Representative Assembly the Utilization of the Community Development Fund
- 2020-94** Recommending to the Representative Assembly the amendment of Article IX of the Articles of Cooperation
- 2020-95** Approval of the Employees' Retirement Plan under PRIVATE EDUCATION RETIREMENT ANNUITY ASSOCIATION (PERAA)
- 2020-96** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with BPI Southmall
- 2020-97** Authorizing the opening of the Cooperative's account with Unionbank Paranaque
- 2020-98** Authorizing the opening of the Cooperative's account with Unionbank San Pedro
- 2020-99** Authorizing the opening of the Cooperative's account with Unionbank for the Head Office account
- 2020-100** Granting authority to avail Landbank's Term Loan under I-Rescue Program
- 2020-101** Availment of the Regulatory Relief for Cooperatives (Postponement of the 3rd Representative Assembly and Election of Officers)
- 2020-102** Approval to Implement a Moratorium on Loans in response to the COVID-19 pandemic
- 2020-103** Approval to change the Interest Rate of Savings in response to the COVID-19 pandemic
- 2020-104** Utilization of the Community Development Fund for K-Bayanihan
- 2020-105** Granting authority to Obtain Credit from RESTART ME
- 2020-106** Release of the Allowance for the Board, Committee Members, and Coordinators during the ECQ
- 2020-107** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with UCPB Tungko
- 2020-108** Authorizing the opening of the Cooperative's account with Unionbank Dasmariñas
- 2020-109** Authorizing the opening of the Cooperative's account with Unionbank GMA
- 2020-110** Authorizing the opening of the Cooperative's account with Unionbank Baliuag
- 2020-111** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with Unionbank Meycauayan
- 2020-112** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corp bank account with AUB Bocaue
- 2020-113** Authorizing the updating of the Cooperative's account with RCBC Binangonan
- 2020-114** Authorizing the updating of the Cooperative's account with RCBC Sumulong
- 2020-115** Authorizing the updating of the Cooperative's account with RCBC Padilla
- 2020-116** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with RCBC Marikina
- 2020-117** Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with RCBC Montalban

2020-118 Recommending to the Representative Assembly the Engagement of the Services of Ms. Minette Ame as External Auditor for the Audit of 2020 Financial Statements

2020-119 Approval of the Audited Financial Statements for the Year 2019

2020-120 Authority to Obtain Credit from PEF

2020-121 Authority of Board Chairperson to enter & sign the Agreement with Dragonpay

2020-122 Acceptance of the Grant from PEF for Project Karinderya sa Payatas

2020-123 Authority to Represent K-Coop in the PFCCO Assembly

2020-124 Approval of the Retirement of Ms. Maria Anna de Rosas-Ignacio and Acceptance of her commitment to serve voluntarily as the General Manager of K-Coop

2020-125 Approval to move the 3rd Representative Assembly to March 2021

2020-126 Authorizing the opening of the Cooperative's account with Chinabank Tungko

2020-127 Approval of the Employees' Health Insurance with PhilCare

2020-128 Authorizing the opening of the Cooperative's account with Security Bank Tandang Sora

2020-129 Authorizing the opening of the Cooperative's account with Unionbank Batasan

2020-130 Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corp bank account with AUB Fairview

2020-131 Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corp bank account with AUB Camarin

2020-132 Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corp bank account with AUB Lagro

2020-133 Authorizing the opening of the Cooperative's account with Unionbank Novaliches

2020-134 Approving the renewal of the Rediscounting Line with Landbank

2020-136 Authorizing the opening of the Cooperative's account with Security Bank Pulilan

2020-137 Approval to update K-Coop signatories in PERAA

2020-138 Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with AUB Sapang Palay

2020-139 Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with Chinabank Tungko

2020-140 Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with BPI Norzagaray

2020-141 Authorizing J. Juarez to transact re: BIR ATP

2020-142 Authorizing M. Romero to transact with Autosweep RFID

2020-143 Authorizing to avail of the online services in the Cooperative's corporate bank with Security Digi-banker (Pulilan)

2020-144 Authorizing to avail of the online services in the Cooperative's corporate bank with Security Digi-banker (T.Sora)

2020-145 Authorizing to avail of the online services (batch crediting) in the Cooperative's corporate bank RCBC

2020-146 Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with PNB Marilao

2020-147 Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with AUB Bocaue

2020-148 Amending list of authorized signatories for the Cooperative's corporate bank account with Unionbank Meycauayan

2020-149 Approval of the new Projections for the remaining months of Year 2020

2020-150 Authority to Represent and Sign in the MOA with Jollibee Group Foundation for Project Karinderya

2020-151 Authorizing M. Sual to transact with BIR re: Change in RDO

2020-151-A Approval to implement the 60-days grace period on loans in adherence to the Bayanihan to Recover as One Act

2020-152 Authorizing the opening of the Cooperative's account with Security Bank Masinag

2020-153 Authorizing to avail of the online services in the Cooperative's corporate bank with PNB CashNet Plus GMA

2020-154 Authorizing to avail of the online services in the Cooperative's corporate bank with AUB BizKit Guiguinto

2020-155 Authorizing to avail of the online services in the Cooperative's corporate bank with Security Digi-Banker Taytay

2020-156 Authorizing to avail of the online services in the Cooperative's corporate bank with Security Digi-Banker Cainta

2020-157 Authorizing to update the Cooperative's corporate bank with Unionbank for the K-Coop H.O

2020-158 Approval of the proposed budget for the employees' Christmas Activities

2020-159 Approval to renew the credit line with SB Corp under the P3 program

2020-160 Approval to renew the credit line with SB Corp Regular Wholesale Lending Program

2020-161 Notifying KDCI of K-Coop's Financial Inability to fulfill its promise to donate in 2020

2020-162 Appointment of Cooperative Secretary

2020-163 Authorizing J. Grimaldo to transact with BIR re: Loose Leaf books of accounts

K-COOP SA PANAHOON NG PANDEMYA

March 16, 2020 nang ideklara ng pamahalaan ang pagpapatupad ng Enhanced Community Quarantine sa buong Luzon dahil sa patuloy na pagtaas ng bilang ng mga nagpo-positibo sa COVID-19 na nagdulot ng pagtigil operasyon ng K-COOP noong Martes, March 17, 2020.



www.cnnphilippines.com

Bilang pagpapahalaga sa kaligtasan ng bawat isa, tayo ay sumunod. Agad na nag-anunsiyo ng Moratorium o Loan rescheduling sa pagbabayad ng loan amortization ng mga miyembro at sumunod sa guidelines ng CDA. Ang loan rescheduling ay umabot hanggang May 31, 2020.

Ang ibang miyembro na hirap pa din sa pagbabayad ay muling inaasess at inirekomendang mabigyan ng extension ang naunang loan reschedule.

Dahil mahalaga ang pagpapanatili ng komunikasyon sa mga miyembro at empleyado, gumawa ang pamunuan ng mekanismo para dito. Tinawag itong: ULAT ALAS (UA)

UA10 - Ang mga SO ay mangangamusta sa kalagayan ng mga hawak na miyembro at iulat ito sa kaniyang Satellite Office Manager.

UA3 – Ang mga SOM ay magbibigay ng ulat sa kaniyang Cluster Manager.


UA4 - Ang mga CM ay magbibigay ng ulat sa kaniyang Sector Manager.

UA5 – Ang mga Sector Managers at Support Units Manager ay magbibigay ng ulat sa Steering Committee/ Office of the General Manager.

Sa pamamagitan nito nalalaman ang kalagayan ng bawat isa.

Gumamit din ng mga "online platforms" upang maisagawa ang mga meetings ng Operations, Support Units, Steering Committee, Coordinating Committee at iba pa. Tumigil man ang operasyon ng K-COOP, hindi nito itinigil ang pagpapasahod sa mga empleyado lalo na't mas kailangan ng lahat na makaraos sa kinakaharap na pagsubok dulot ng pandemya.


Pulong ng Steering Committee (L-R: Dexter Flores, Hazel Bonifacio, Ronnie Latinazo, Celine Ramos, MeAn Ignacio, Randy Laresma, Cathy Saballegue, Lala Dacallos, Flora Valderama, Gener Quinto, Angie Bataller, Rolita Ylagan, Bennie Lafuerza



ANG PAGKAPA SA SITWASYON

Sa pagkapa sa sitwasyon, nagsagawa ng mga online survey sa mga miyembro at empleyado upang makakuha ng snapshot sa kanilang kalagayang kalusugan, kabuhayan, at pinansyal.

Upang mas madaling mapagplanuhan ang mga susunod na hakbang lalo na sa pagpapaabot ng tulong sa mga miyembro dahil sa batid na hindi basta basta makapasok sa mga checkpoints, nagsagawa ng masterlist ng mga miyembro kada Barangay. Gumawa din ng mapping ng mga miyembrong may negosyo na may kinalaman sa pagtitinda ng pagkain upang makagawa ng programa para makatulong na unti-unting bumangon ang kanilang kabuhayan sa pakikipagtulungan sa mga grupo na kabilang sa Talipapa Collab.



Naging limitado man ang pagkilos dulot ng sitwasyon, ninais ng K-COOP na maipadama ang malasakit sa mga miyembro nito kaya nakipag-ugnayan ito sa mga organisasyon na may katulad na layunin.



Pagbibigay ng gulay sa mga miyembro mula sa Batasan Satellite Office (L-R: Nanay Jenny Angeles, Nanay Agnes Gabatbat, Nanay Kenneth Ballabos at SOM Charlie Aniana)

Tumugon ang Bayanihan Musikahan, Accenture Philippines at Tublay Farmers at nakapagpaabot ng mga gulay sa mga natukoy na miyembro sa area ng Batasan, Montalban, Taytay, at Bagong Silang na hindi pa nakakatanggap ng relief mula sa pamahalaan.



accenture

Bukod dito, ang K-Coop at ang Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI) ay naglaan ng pondo upang makatulong sa mga miyembro na siyang benepisyaryo din ng KDCI. Ito ay ang K-BAYANIHAN; kung saan ang bawat sentro ay binigyan ng pondo na magagamit nila para sa kanilang center project na pwede nila maitulong sa kanilang kapwa miyembro, kapitbahayan o kung sino ang kanilang nais

Ang Sentro ng Sta. Veronica 2 mula sa Novaliches Satellite Office ay nagluto ng masustansiyang ulam upang maiba naman ang kanilang maihain sa kani-kanilang hapag-kainan. Nagtulung-tulong sa pagluluto ang magkakasentro na tunay na nagpakita ng pagkakaisa ng bawat isa. Bukod sa ulam, nakapag-uwi rin sila ng mga gulay.



SA PAGBABALIK NG OPERASYON

Sumulat ang K-Coop sa mga Mayors upang pahintulutan na makapag-operate muli bilang mga "economic frontliners". Nakakuha ng IATF IDs at kinalaunan ay naglabas din ng memorandum ang CDA na pinapahintulutan ang mga credit and savings cooperatives na tumugon sa mga pangangailangan ng kanilang mga miyembro.



GMA Satellite Office

Kinalaunan ay ibinaba na ng pamahalaan sa MECQ ang Metro Manila mula sa ECQ. Nagpulong ang pamunuan at pinag-usapan ang mga magiging hakbang sa pagbabalik operasyon. Inalam sa mga empleyado kung sino ang kaya ng pumasok at sa buwan ng Mayo unti-unting nagsimulang maglinis at mag-ayos ng opisina ang mga SATO. Sa panahong ito, 50% lamang ang pumapasok na empleyado kada opisina bilang pagsunod sa mga alituntunin ng pamahalaan at upang mabalanse din ang expenses sa pasahod

dahil walang kita ang kooperatiba simula ng nag-lockdown. Nagtalaga din ng shuttle service at ang mga kayang mag-work from home ay pinahintulutan sa rekomendasyon ng kanilang immediate supervisor. Ginamit din ang pagkakataon upang makapaglipat ang systems patungong KOINS version 2.

KAPAG GUSTO MAY PARAAN

June 1, 2020, nang ideklara ng pamahalaan ang General Community Quarantine sa Metro Manila pati sa alawigan ng Bulacan. Sa kabila ng banta ng pandemya buo ang loob na hinarap ng ilang empleyado ang mga hamon na kaakibat nito. May mga inabutan ng lockdown sa staff house. Nang magbalik-operasyon naman ay mayroong mas piniling manuluyan sa mga staff house dahil sa hirap sa transportasyon sa kabila ng pag-aalala sa mga maiiwang pamilya. Ramdam ang malasakit ng K-Coop lalo na noong panahon ng lockdown, sinikap na makapasok muli ng mga empleyado at makapagsilbi sa mga miyembro bilang pasasalamat.



Sheena Roque, Operations Assistant (Pulilan SATO). Lulan ang bisikleta dalawang oras siyang bumibahe mula Malolos patungo sa opisina, pati pauwi.

Jane Amoncio, SO (Fairview SATO). Bumibahe siya mula sa Antipolo papunta sa Fairview SATO gamit ang kanyang scooter dahil walang pampublikong sasakyan at kahit may motor ang kaniyang asawa ipinagbabawal naman ang umangkas.



Jhodelyn Abela, Accounting Officer (Cainta SATO) Gamit ang kaniyang bike, bumibahe siya mula San Mateo hanggang Cainta SATO makapasok lamang sa opisina.

Ilan lamang ito sa mga empleyadong nagpakita ng dedikasyon, pagtataya, at buong tapang na pagharap sa mga hamon na dinulot ng pandemya.

Lumabas sa isa sa mga isinagawang survey na mahigit sa 70% ng ating kasapiyan ay nawalan ng hanapbuhay at nahirapan makahanap ng panustos sa pagkain. Bilang tugon, nabuo ang konsepto ng PROJECT KARINDERYA. Ang bawat Project Karinderya site ay binubuo ng sampung 10 kasapi na nagmamay-ari ng Karinderya at 200 benepisyaryo na bibigyan ng food subsidy na nagkakahalaga ng Php 50.00 kada araw sa loob ng 30 days. 30% ng mga benepisyaryo ay mga kasalukuyang miyembro at ang 70% naman ay hindi.

Sa kabuuan ay nagkaroon ng 29 Project Karinderya Sites na nakatulong sa 5,800 na pamilya; Php 8.7M ang halaga ng tulong na dumating para sa proyektong ito.

Naging katuwang natin dito ang KDCI, Jollibee Group Foundation, Bayanihan Musikahan, Philippine Business for Social Progress (PBSP), TEMASEK Foundation, Peace and Equity Foundation (PEF), Consuelo Foundation, CSO Collab, at DEG.



Elizabeth Reyes, Karinderya Owner miyembro mula sa Bagong Satellite Office



Tessie Cortes, Kariton Owner mula sa Fairview Satellite Office kasama ang isang mamimili

Nakilala din natin ang Sustainable Towns. Sila ay tumutulong sa mga magsasaka ng Sagada na mabili ang kanilang mga ani. Nakatanggap ang 10 Karinderya owners ng tig-labintatlong kilo ng gulay na siya namang ginamit nila sa kanilang lutuin. Ang ugnayang ito ay nagbunga ng isa pang proyekto, ang Project Kariton.

Ang konsepto ng Project Kariton ay nabuo kasama ang KDCI at Sustainable Towns. Layon nitong matulungan na makapag-hanapbuhay muli ang mga nagtitinda ng gulay at magkaroon naman ang mga magsasaka ng tukoy na mamimili ng kanilang mga inani. Kinalaunan ay nakilala at nakatuwang din dito ang grupo ng PAKISAMA. Sa tulong mula sa KDCI, nakapagsimulang magtinda ang sampung (10) Kariton owners sa paumpisang puhunan na Php 2,500.00 kada kariton.



Lumabas sa mga pulong ng pamunuan na mainam na matugunan ang mga isyu patungkol sa connectivity, money transfer facilities, at transportasyon sa pamayanan.




Home Page ng Iskaparate.com

Para makatulong sa mga miyembro na maipakita ang kanilang mga produkto/ serbisyo sa pandaigdigang pamilihan, inilunsad ang online platform na ISKAPARATE.COM. Ang mga miyembro na kabilang dito ay tinatawag na NANAY ISKA at bukod sa kanilang mga paninda ay matutunghayan din sa Iskaparate.com ang kanyang kwento bilang negosyante. Masaya ang mga Nanay Iska dahil nagkaroon sila ng mga dagdag customer. Ang proyektong ito ay bunga ng pagtutulungan ng K-Coop, MayBridge Finance and Leasing Inc. at Foundation for Enterprise Management Innovation (FEMI).

Dahil sa pandemya mas naging matingkad ang pangangailangan sa digital financial services. Sa pamamagitan ng Dragonpay, binukas sa mga miyembro ang opsyon na maghulog sa pinakamalapit na 7-11 outlet sa kanilang lugar kaysa pumunta pa sa bangko. Sa parte naman ng disbursement, nakipag-usap din sa mga bangko na mayroong ATM loan disbursement.

Patuloy ang pagsisikap ng kooperatiba na matuto ng mga bagong pamamaraan at teknolohiya na tiyak makakatulong sa mga miyembro.



MYKOINS Ine-enroll na din ang mga miyembro sa MYKOINS na siyang magsisilbi nilang electronic passbook.

Taong 2020 din ng sinimulan ang proyekto para sa Energy Efficient at Disaster Resilient Housing o Project Tomasetti. Katuwang ang Build Change at Thorton Tomasetti Foundation layon ng proyektong ito na mapaayos at mapatibay ang bahay ng mga interesado at kwalipikadong miyembro. Pitong (7) miyembro mula sa Tungko Satellite Office ang kasalukuyang benepisyaryo nito.



Pamilya ni Nanay Marinette Nantes, Project Tomasetti Beneficiary mula sa Tungko Satellite Office

PROJECT TOMASETTI

PANANALASA NG BAGYONG ULYSESS

Habang unti-unting bumabangon ang K-Coop nanalasa naman ang Bagyong Ulyses sa Metro Manila at ilang bahagi ng Luzon. Agad tayong kumilos sa pamamagitan ng pagkamusta sa mga miyembro at pagsasagawa ng donation drive. Tumugon sa ating panawagan ang KMBA, KDCI, NCRL-PFCCO, Zonta-Makati Legaspi, RMSI, Leslie Corporation, PBSP, Sustainable Sagada, Iron Mountain Inc., partners, mga empleyado ng Kasagana-ka, at mga kakilala. Umabot sa 2,651 na pamilya ng mga miyembro at 33 na empleyado ang naapektuhan. Ang mga empleyado ay nakatanggap ng mga donasyong damit at cash assistance mula sa KEEPFF at KMBA.

DONATION DRIVE



Mga miyembro mula sa Guiguinto Satellite Office



Mga miyembro mula sa Baliuag Satellite Office

Taos-pusong pasasalamat ang pinapahatid ng K-Coop sa mga tao at mga organisasyon na hindi nagdalawang isip na mag-abot ng tulong at suporta. Tunay na nanaig ang kultura ng bayanihan sa bawat isa.



Nakakatuwang isipin na nangibabaw ang pagnanais na makatulong sa miyembro at sa komunidad sa kabila ng lockdowns at iba pang limitasyon na dinulot ng pandemya. Ang mga pagkilos na ito ng K-Coop ay binigyang pagkilala ng CDA-NCR noong Buwan ng Kooperatiba kung saan para sa taong ito ang CDA Gawad Parangal ay iginawad sa mga kooperatibang naglingkod, may natatanging gawa at mahalagang kontribusyon sa mga miyembro at sa komunidad sa panahon ng pandemya.

Ang taong 2020 na siguro ang taong hindi makakalimutan ng lahat. Naging matinding dagok ang pandemya sa marami ngunit dahil din dito nabatak, naging malikhain sa mga pamamaraan, at naging makinang ang pagmamalasakit at pagbabayanihan na likas sa ating mga Pilipino.



K-COOP 2020

OUTREACH

37,885 TOTAL NUMBER OF MEMBERS



36,186 FAMILIES HAD ACCESS TO FINANCIAL SERVICES
+ 1,699 KAAGAPAY MEMBERS



144,744

PEOPLE REACHED BY KASAGANA-KA

*Number of members multiply by four (4) as the average household size


CENTERS IN **1,686**

NCR, REGION III & 4-A



PROGRAMS

- LIVELIHOOD AND ENTERPRISE DEVELOPMENT
- EDUCATION, TRAINING AND FORMATION
- HEALTH WELLNESS
- SECURITY SHELTER AND SAFETY
- SOCIAL PROTECTION



PROJECTS

K-BAYANIHAN

38,592 NUMBER OF BENEFICIARIES
1.9M TOTAL FUNDS DISBURSED

KARINDERYA

29 KARINDERYA SITES
5,800 NUMBER OF FAMILIES
Php **8.7 M** WORTH OF DONATION

IS/KAPARATE.COM

58 NANAYS
66 NEGOSYO
623 TOTAL SALES CUSTOMER
Php **1.4M** TOTAL SALES
* as of December 31, 2020

K-TOMASETTI

ENERGY EFFICIENT AND DISASTER RESILIENT HOUSING
7 MEMBER-BENEFICIARIES
Php **500,000** WORTH OF DONATION THROUGH KDCCI

10 KARITON OWNERS
Php **25,000** WORTH OF DONATION



DONATION DRIVE FOR THE VICTIMS OF TYPHOON

2,651 AFFECTED FAMILIES
Php **544,000** WORTH OF DONATION

BAGYONG ULYSSES

TOTAL LOANS DISBURSED
